U.S. Small Business Administration

# Community Navigator Pilot Program
## Mga Madalas Itanong | 10/28/21

Panata ng administrasyong Biden-Harris na tiyaking natatanggap ng maliliit na negosyo sa bansa ang suportang kailangan ng mga ito para ma-access ang mga pederal na programa sa ayuda na makatutulong sa mga ito na maalpasan ang pagkalugmok ng ekonomiya na dinulot ng pandemyang COVID-19. Napakahalaga ng tulong-teknikal na ito, dahil malaki ang naging epekto sa maliliit na negosyo ng nakalipas na taon, na naka-apekto sa hindi bababa sa 400,000 na negosyo. Nakatulong ang mga naunang salto ng tulong pang-ekonomiya noong nakalipas na taon sa milyun-milyong mga negosyo na manatiling bukas at nakapagbabayad sa mga empleyado, pero napakaraming negosyo na pag-aari ng minoridad at mga mom and pops ang nagsara, samantalang ang mas malalaki, at mga may-koneksyon na negosyo ay naka-access agad sa mga programa. Para mas lalong maabot ang maliliit na negosyong ito, Inilunsad ng SBA ang Community Navigator Pilot Program na magpapalakas sa pag-abot sa mga negosyong hindi gaanong napaglilingkuran sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga organisasyon na matagal nang nakatatag sa kani-kanilang mga komunidad.

**1. Ano ang Community Navigator Program ng SBA?**

Ang programa, na itinatag ng American Rescue Plan Act of 2021, ay gagamit ng pamamaraang community navigator para matulungan ang maliliit na negosyo, nang may pagtuon sa mga negosyong pag-aari ng mga beterano, kababaihan, at mga indibidwal na dehado sa lipunan at ekonomiya - kabilang ang mga komunidad sa nayon at lungsod. Binubuo ang programa ng isang pangunahing "Hub" sa gitna ng isang network ng mga "Spoke" organization (rayos) that na nagpapadala ng mga abogadong pangkomunidad para makipagtulungan sa maliliit na negosyo sa panahon ng pagbangon ng ekonomiya. Maaaring kabilang sa mga serbisyo sa muling pagbangon ang tulong sa pananalapi, access sa mga pangsuportang kapital, tulong sa pangongontrata at pamimili, marketing, mga operation, at pagbuo ng negosyo, pag-export at pag-import, at pagsasanay na partikular sa industriya, bukod sa iba pang area ng tulong teknikal para matulungan ang mga negosyo sa pagpapatatag at pagpapalago.

**2. Ano ang pinagmulan ng Hub and Spoke model?**

Ang Hub and Spoke model ay bahagi ng Community Navigator model – na nangangahulugang organisasyon ng komunidad, institusyon sa pananalapi ng komunidad gaya ng inilarawan sa seksiyon 7(a)(36) (A) ng Small Business Act (15 U.S.C. 636(a)(36)(A), o iba pang pribadong nonprofit na organisasyon na may kinalaman sa pagsasatupad ng mga serbisyo ng community navigator – outreach, edukasyon at tulong teknikal na hatid ng mga community navigator na tumatarget sa mga karapat-dapat na negosyo para mapataas ang kamalayan sa, at paglahok sa, mga programa ng SBA.

- Inilaan ang Hub and Spoke model na lumikha ng network ng mga pinagkakatiwalaang organisasyon ns komunidad na kayang gumamit ng direktang access sa maliliit na negosyo para matulungan ang mga ito na matunton ang mga mapagkukunan sa lahat ng yugto ng kanilang paglago.

- Hub – Ang nangungunang organisasyon at grantee na nagpapakilos sa pamamahala ng kaloob at isang network ng mga Spoke.
- Spoke – Ang organisasyon na kumokonekta sa maliliit na negosyo at nakikipagkita sa mga ito kung saan sila naroroon.

**3. Sinu-sino ang paglilingkuran ng mga Navigator?**

Habang karapat-dapat ang lahat ng maliliit na negosyo, partikular na kinilala ng Notice of Funding Opportunity ng CNPP ang mga sumusunod na hindi napaglilingkuran at/o walang representasyon na mga sektor:

- Maliliit na Negosyo na Dehado sa Lipunan at Ekonomiya
- Alaska Native at Indigenous
- Asian American
- Black at African American
- Hispanic at Latinx
- Middle Eastern
- Native American
- Native Hawaiian at Pacific Islander
- North African
- Mga Tribal Community
- Mga Rural Entrepreneur
- Mga Entrepreneur na May Kapansanan
- Mga LGBTQ Entrepreneur
- Mga Beterano at Military Entrepreneur (kabilang ang mga asawa)
- Mga Babaeng Entrepreneur
- Mga Innovative Startup
- Mga Micro na Negosyo
- Maliliit na Negosyo na Dehado sa Lipunan at Ekonomiya

**4. Paano pinili ang mga Community Navigator?**

Pinili ang mga gagawaran batay sa mahigpit na proseso ng pagrepaso. Pagkatapos ng paunang pagrepaso sa pagkakarapat-dapat, binigyan ng score ang mga aplikasyon ng isa sa 20 pangrehiyon na Technical Evaluation Panel, ang bawat isa ay pinamumunuan ng isang kinatawan mula sa Office of Field Operations. Mga segment na heograpiya at serbisyo.

Sa sandaling natapos ang yugto ng pagrepaso, ang ika-2 round ng pagrepaso ay kinabilangan ng isang senior-level na tauhan ng SBA na lalo pang pinag-aralan ang mga package. Hindi lang mga score na mula sa mga Technical Evaluation Panel ang kabilang sa panukatan sa pagpili criteria na ito, kundi pati ang mga segment sa pagkakaiba-iba ng heograpiya at pagkakaiba-iba ng mga serbisyo.

**5. Paano natiyak ng SBA ang walang-kinikilingang pagpili ng mga gagawaran?**

Nagpatupad ang SBA ng ilang pamamaraan para matiyak na magkakaroon ng walang-kinikilingang proseso ng pagpili. Minanmanan ng isang team ng mga opisyal ng SBA (ang "Awards Panel") ang bawat hakbang ng prosesong ito nang masinsinan at may integridad. Bumuo ang execution team ng Community Navigator Pilot Program ng detalyadong pamamaraan at proseso ng pagrepaso na nirepaso ng SBA Office of General Counsel at ipinatupad para matiyak ang pagiging patas at pagkapantay-pantay. Sumailalim din ang Awards Panel sa malinaw na pagsasanay sa pagkiling bago ang proseso nito sa pagtatasa at pagpili. Sa mga Panel ng Teknikal na Pagtatasa, tiniyak namin na ang mga kinatawan ng Field Office sa bawat panel ay hindi nagrepaso ng mga panukala na mula sa kani-kanilang mga rehiyon.

**6. Ano ang naging panukatan sa pagiging karapat-dapat?**

Kabilang sa mga karapat-dapat na mag-apply para sa isang kaloob ng Community Navigator Program ay mga pribadong nonprofit na organisasyon, mga resource partner, mga estado, mga tribo, at mga unit ng lokal na pamahalaan. Para sa mas maraming detalye tungkol sa pagkakarapat-dapat na mag-apply at paano mag-apply, tingnan dito.

**7. Gaano karaming organisasyon ang nag-apply para sa mga kaloob (grant)?**

Nakatanggap kami ng 745 na aplikasyon mula sa 656 na organisasyon. Pagkaraang maalis ang mga duplicate na aplikasyon at mga di-karapat-dapat na uri ng negosyo, 502 na aplikasyon ang nirepaso at binigyan ng score. Sa 502 na aplikasyong ito, 51 ang pinili para sa pagpopondo.

**8. Ilan ang mga Ginawaran (Awardee) at saan ang lokasyon ng mga ito?**

Mayroong 51 na ginawaran na hinati-hati sa mga sumusunod na tier (hanay):

- Tier 1: 8 Award (max $5M kada award)
- Tier 2: 11 Award (max $2.5M kada award)
- Tier 3: 32 Award (max $1M kada award)

Pakibisita ang www.sba.gov/navigators para tingnan ang lista ng mga ginawaran ng Community Navigator Pilot.

**9. Maaari bang mag-apela ang isang aplikante kung hindi ito napili?**

Hindi. Walang proseso ng apela para sa Pilot Program.

**10. Magkakaroon ba ng panibagong round ng pagpopondo sa hinaharap?**

Ang Community Navigator Pilot Program ay binigyang-awtorisasyon ng Kongreso at ng American Rescue Plan Act. Walang karagdagang round ng pagpopondo na inaprubahan sa ngayon.

**11. Gaano katagal magiging aktibo ang mga Community Navigator?**

Ang Period of Performance (Panahon ng Pagganap) ay mula Dis. 1, 2021 – Nob. 30, 2023

**12. Ang Community Navigators ba ay nauulit sa kasalukuyang mga pinagkukunan ng SBA?**

Hindi nauulit ang mga ito. Binibigyang-kakayahan ng Community Navigator Pilot Program ang SBA na lalo pang mai-maximize ang mga pagsisikap nito, ginagamit ang lahat ng posibleng mapagkukunan, at mayroon pinakamalayong naabot para sa ecosystem ng U.S. small business. 20.7% ng higit sa 7.9 milyon na maliliit na establisyamentp (<500 empleyado) ay nasa mga county na walang anumang uri ng SBA service center. Ang Community Navigator Pilot Program ang tutulong sa amin na malagyan ng tulay ang agwat na ito.

Habang ang mga Partner sa Napagkukuna ng SBA gaya ng mga SBDC, SCORE, mga WBC at/o mga VBOC ay mga karapat-dapat na entidad para mag-apply par asa pagpopondo ng CNPP, ang mga tatanggap ng CNPP award ay hindi dapat sa anumang paraan na pagsaluhin ang pondo sa iba pang award.

**13. Anu-ano ang mga pamamaraan sa pananagutan at pagbabantay para matiyak na nagagastos nang wasto ang mga kaloob na pondo?**

Magtatalaga ang mga kawani ng aming Office of Field Operations ng isang community impact liaison na makikipagtulungan sa bawat Community Navigator na magbigay ng pagbabantay at tiyakin ang pagsunod. Nagsusumite ang mga Pinagkalooban (mga Grantee) ng mga quarterly performance report at mga kaugnay na kahilingan para sa pagbabalik-bayad.

**14. Bakit hindi lahat ng estado ay mayroong mga Hub?**

Sumailalim ang mga aplikasyon sa mahigpit na pagrepaso para matukoy kung alin-alin ang mga magiging karapat-dapat na maglingkod bilang mga Community Navigator Hub. Sa 502 na aplikante na nagkwlaipika bilang mga Hub at binigyan ng score ng aming mga Technical Evaluation Panel, natukoy ng mga Agency review panel ang mga pinakamalalakas na aplikasyon habang tinitiyak ang pagkakaiba-iba sa mga sektor ng heograpiya at serbisyo.

**15. Saan matatagpuan ang mga Spoke at paano ako makikipag-ugnayan sa mga ito?**

Para sa mga Tier 2 at Tier 3 na proyekto, matatagpuan ang mga Spoke sa loob ng parehong Estado o mga county ng Hub, na may ilang posibleng pagsasapaw sa mga katabing estado sa border. Para sa mga Tier 1 na proyekto, na Pambansa ang saklaw, nakakalata ng mga Spoke sa ilang mga Estado. Lilikha ang mga Hub namin ng mga project website na nagdedetalye sa nasasaklaw na heograpiya ng bawat proyekto. Para sa lista ng mga Hub (mga grantee), Pakibisita ang www.sba.gov/navigators.

**16. Paano napopondohan ang mga Spoke? Sino ang nagpapasya? Ano ang papel ng SBA pagdating sa mga Spoke?**

Ang relasyon na grantor-grantee ng SBA ay sa mga project Hub. Kumikilos ang mga Hub bilang mga tagapamagitan sa pagitan ng SBA at ng kani-kanilang mga Spoke. Bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon ng Community Navigator, nagbibigay ang mga Hub sa SBA ng mga nalagdaang Commitment Letter (mga Liham ng Panata) at Mga Kasunduan sa Pamumudmod ng Pondo

(Funding Distribution Agreement) sa pagitan ng mga ito at ng bawat Spoke. Ibinalangkas ng Notice of Funding Opportunity ng Community Navigator Pilot Program ang minimum at maximum na halaga ng pondo para sa mga Spoke.

**17. Kung ang isang Spoke ay nasa isang congressional district, nangangahulugan ba na ang mga serbisyo, at outreach ay eksklusibo sa congressional district na iyon o maaari bang magkaroon ng access sa mga pinagkukunan ng Spoke ang isang nagmula sa ibang congressional district?**

Estrahitikal na makikipag-ugnay ang mga Spoke sa mga nakapalibot na area kung saan maaabot nila ang mga may-ari ng negosyo na nangangailangan. Hindi limitado ang naaabot nila sa isang partikular na congressional district.